Agosto 2020

Minamahal naming residente

Umiiral pa rin ang Coronavirus at kailangan nating gawin ang lahat ng ating tungkulin upang protektahan ang ating sarili, protektahan ang iba pa at protektahan ang Norfolk.

Una sa lahat, nais naming kunin ang pagkakataong ito upang magsabi ng 'salamat' para sa pagganap ng iyong tungkulin sa pagprotekta ng ating komunidad. Sa nakaraang apat na buwan, gumawa ng malaking sakripisyo ang mga residente ng Norfolk upang tumulong sa pagpigil ng pagkalat ng coronavirus. Hindi naging madali ang pananatili sa bahay at pag-iwas sa tao at nagpapasalamat kami sa iyong mga pagsisikap.

Sa kasamaang palad, marami sa mga residente ng Norfolk ang nasawi sa virus na ito, at nakikiramay kami sa iyo kung nawalan ka ng miyembro ng iyong pamilya, o mga kaibigan.

Habang lumuluwag ang 'lockdown', dapat nating tandaan na ang coronavirus ay kasama pa rin natin

Mahalagang patuloy nating panatilihin ang ating mga sarili at iba pa na ligtas mula sa impeksyon at magkasamang nagtutulungan upang maiwasan ang mga karagdagang outbreak.

Kasama ang NHS at Public Health England, naglabas at naglakip kami ng leaflet. Puno ito ng impormasyon tungkol sa kung paano poprotektahan ang iyong sarili at iba pa, at kung paano pipigilan ang pagkalat ng coronavirus sa Norfolk. **Pakibasa ang leaflet na ito nang mabuti at panatilihin ang ligtas na lugar para sa sanggunian sa hinaharap.**

Pinananatiling ligtas ang ating mga komunidad

Ang pinakamahusay na paraan upang manatili tayong lahat na ligtas ay ang ipagpatuloy ang paggawa ng lahat ng bagay na ginagawa natin upang tulungang pigilan ang pagkalat ng virus - regular na paghuhugas ng ating mga kamay, pananatiling ligtas ang distansya mula sa iba pa at pag-iwas sa matao, paggamit ng mga tissue / siko kapag uubo at babahing, at paggamit ng pantakip sa mukha (face covering) kung naaangkop.

Ang sinumang may sintomas ay maaaring kumuha ng test

Makakalabas lamang tayo nang ligtas sa lockdown kung alam natin kung saan sa Norfolk ang virus.

Kung ikaw o isang miyembro ng iyong pamilya ay may anumang mga sumusunod na sintomas – mataas na temperatura, tuloy-tuloy na pag-ubo, pagkawala ng pang-amoy/panlasa – mahalagang mag-isolate ka sa bahay at kumuha agad ng test.

Upang mag-book ng test, tumawag sa 119 o bumisita sa www.nhs.uk/coronavirus

PROTEKTAHAN ANG ATING SARILI. PROTEKTAHAN ANG IBA PA. PROTEKTAHAN ANG NORFOLK.

Mangyaring pumunta sa susunod na

Pakitingnan ang iyong leaflet para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung ano ang gagawin kung kailangan mong mag-isolate. Kung kailangan mo ng suporta habang nag-i-isolate sa bahay, pakitawagan ang 0344 800 8020.

Umaasa kaming nilinaw ng sulat na ito kung paano kami makakatulong pigilan ang pagkalat ng virus. Nasisiguro namin sa iyo na nakikipagtulungan nang mabuti ang Norfolk Outbreak Control Team sa iba pang mga organisasyon upang panatilihin kang ligtas. Kung saan may mga kaso, susubaybayan nila nang malapitan ang sitwasyon upang mapigilan namin ang pagkalat ng coronavirus.

Sa ngayon, nakayanan natin ito bilang isang county, kaya ipagpatuloy natin ang pagtutulungan nang sama-sama upang panatilihing ligtas at mabuti ang ating mga komunidad, pamilya at kabigan.

Salamat muli sa pagtulong na panatilihing ligtas ang Norfolk.

Dr S.J. Louise Smith, MB, ChB, PhD, FFPH
Director of Public Health
(Direktor ng Pampublikong Kalusugan)
Norfolk County Council

Cllr Andrew Proctor
Leader of Norfolk County Council
(Leader ng Norfolk County Council)
Chair of the Norfolk Covid-19 Engagement Board (Chair ng Norfolk Covid-19 Engagement Board)

IN TRAN® communication for all

Kung kailangan mo ng dokumentong ito sa malaking letra, sa audio, sa Braille, sa alternatibong format o sa ibang wika, mangyaring makipag-ugnayan sa Customer Services sa 0344 800 8020 o, para sa Text Relay, tumawag sa 18001 0344 800 8020 (phone sa pag-text) at gagawin namin ang aming makakaya upang matulungan ka.

PROTEKTAHAN ANG ATING SARILI. PROTEKTAHAN ANG IBA PA. PROTEKTAHAN ANG NORFOLK.